

State of Emergency (Buod)

Enero 14, 2021
COVID-19 Response Headquarters
Gifu Prefectural Government

Magsasagawa kami ng mas malalakas na tugon dahil ang Gifu Prefecture ay naidagdag sa listahan ng Japanese Government bilang “lugar na dapat magpatupad ng emergency measures” noong Enero 14 (Huwebes).

Sitwasyon sa Gifu Prefecture

- Dahil sa risky na inuman at kainan, may 35 clusters na naganap mula noong Disyembre.
- Madaming impeksyon na nangyayari sa karaniwang lugar tulad sa workplaces, paaralan, at tahanan.
- Noong Enero 9, naitala ang pinakamataas na bilang ng bagong infected (105) sa isang araw.
- Malubha ang sitwasyon dahil may matinding pag-aalala sa paglagpaw ng impeksiyon at pagbagsak ng medical system.
- Madaming cases kung saan ang mga aktibong age-group ay hinahawahan ang mga matatandang tao. Madami din cases kung saan ang mas batang edad ay nagdurusa sa naiwang epekto (after-effects) ng COVID-19 kahit na walang mga sintomas o banayad ang kanilang sintomas noong nagkasakit.

Mahalagang Bagay na dapat gawin ng Mamamayan ng Prepektura

(1) Iwasan ang risky na inuman at kainan

- Anumang oras ng araw o gabi at sa bahay man o sa labas, iwasan ang:
 - ◇Ang pagkain at pag-inom kasama ang mga hindi kapamilya o kasambahay
 - ◇Ang pagkain at pag-inom ng mahabang oras
 - ◇Ang pagkain at pag-inom ng alak, at pagsasalita ng malakas
 - ◇Pagsasalita ng walang mask, pag-uusap habang kumakain at umiinom, atbp.
- Itigil ang pag-gamit ng nai-isyung mga ticket ng “GoToEat”

(2) Iwasan ang hindi kinakailangan at hindi importanteng paglabas (araw man o gabi, lalo na pagkalipas ng 8:00PM) Special Measures Law, Article 45, Section 1

- Ang mga pagpunta sa ospital, pagbili ng pagkain, parmasyutiko, pang-araw-araw na mga pangangailangan, papasok sa kinakailangang lugar ng trabaho, tulad ng pag-eehersisyo at paglalakad sa labas, para sa kung ano ang kailangan mo para sa pagpapanatili ng buhay at kalusugan ay hindi nalalapat sa kahilingan.

(3) Hindi kinakailangan at hindi importanteng pagpunta sa ibang prepektura Special Measures Law, Article 45, Section 1

- Partikular na iwasan pumunta sa mga sumusunod na prepektura (Tokyo, Saitama, Chiba, Kanagawa, Osaka, Kyoto, Hyogo, Aichi, Fukuoka, Tochigi) na kasama sa listahan ng “lugar na dapat magpatupad ng emergency measures”.